PANGUNAHING REPORMA KO ANG PAGTATAGUYOD NG FILIPINO: PANAYAM KAY DR. JOSE V. ABUEVA

ni Jayson D. Petras

Larawan mula sa UP System Information Office

Sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika, ipinagkaloob ang Gawad SWF para sa Natatanging Mohon ng Wikang Filipino kay Dr. José V. Abueva. Pagkilala ito sa kaniyang mahalagang ambag sa pagpapalaganap, pagtataguyod, at pagpapayaman sa Filipino bilang wika ng saliksik at pagtuturo sa Unibersidad ng Pilipinas.

Sa panahon ng panunungkulan ni Dr. José V. Abueva bilang Pangulo ng Unibersidad ng Pilipinas (1987-1993), isinulong niya ang paggamit sa Filipino sa pananaliksik at pagtuturo upang lumakas ang diwang makabayan sa unibersidad. Sa kaniyang termino, nabuo at ipinatupad ang Patakarang Pangwika, itinatag ang Sentro ng Wikang Filipino, at nakapaglunsad ng maraming programa sa pagtataguyod ng wikang pambansa.

Jayson Petras: Isa po sa mga bagay na kilala sa administrasyon ninyo ay ang inyong pagsusulong ng wikang Filipino sa larangan ng pagtuturo at pananaliksik. Bakit ito ang naging isa sa mga priyoridad ninyo?

Jose V. Abueva: Sapagkat naniniwala akong magkaroon tayo ng malakas na wikang pambansang talagang matutuhan ng nakararaming Filipino. Masama at masakit sa atin na karamihan ng mga edukadong Filipino ay nagsasalita sa Ingles lamang. Hindi naman natin katutubong wika iyon. Kolonyal na wika natin iyon. Napansin kong kahit ako, ang aking pagsasalita at pagsusulat sa Ingles ay mas mabuti kaysa Filipino. Parang pagsisisi ko rin iyon sa sarili ko, na bakit ito nangyari sa akin, bakit mas magaling pa ako sa Ingles at ito ang naging tunay kong wika kaysa Bisaya na aking katutubong wika at saka sa Tagalog lalo na noong naging presidente ako. Sa loob ng maraming taon, nasa Tokyo ako. Pagbalik ko dito, nahirapan ako sa Filipino. Nasa isip ko, ito ang nakalagay sa ating Saligang Batas pero hindi ko alam. Sa tagal ko nang nanirahan sa Metro Manila, hindi ko alam. Parang projection ito sa aking inadequacy. Parang sense of guilt. Bakit nangyari ito sa akin? Hindi ko naman sinabi iyon sa ibang tao. At saka, ang Filipino, tila inferior sa Ingles sa Unibersidad. Sabi ko dapat iangat naman natin ang Filipino kapantay sa Ingles sa undergraduate. Kahit sa undergraduate lang. Isa pang punto na na-encourage ako na may ilang departamento sa UP katulad ng Psychology, Kasaysayan at Antropolohiya na nangunguna sa paggamit ng Filipino sa pagtuturo. Dapat mabigyan natin ng suporta ito. Sila talaga ang nangunguna at sila ang nagbibigay ng lakas sa pagsusulong sa wikang Filipino. Iyon ang inisip ko. At saka, at least 10 years ako sa Japan, dalawang taon ako sa Nepal, isang taon ako sa Thailand at sa pagbiyahe ko dito sa Asya, sa lahat ng bansa, mayroong sariling wika at itong wika ay ginagamit ng lahat ng mamamayan at lahat ng mga lider. Official language sa gobyerno nila. Official language sa legislature nila. Pagbalik ko dito, masyadong kolonyal pa rin tayo. Sabagay, hindi naman ako nagsisisi na natutuhan ang Ingles kasi naging global lingua franca ito, advantage din natin iyon. Gayumpaman, hindi tama itong nangyari sa larangan ng wika. Baguhin natin.

JP: May mga natanggap po ba kayong puna mula sa academic community tungkol sa pagsusulong ninyo ng wikang Filipino sa panahong iyon?

JVA: Binanggit ko iyan noong aking investiture at doon ang pinakamalakas na palakpakan na natanggap ko. Maraming mga bisita, hindi taga-UP at pati sila pumalakpak. So, I felt confirmed na tama itong ginagawa ko. Hindi lang ako ha? At saka nagagalak at nai-impress ako na ang mga estudyante natin ang gagaling nilang magsalita sa

Filipino. Napansin ko lang sa anti-Marcos movement, isinusulong nila ang Filipino. Ang mga komunista at rebelde, ginagamit nila ang wikang pambansa at napansin ko na mabisa ang resistance at rebellion nila dahil ginagamit nila ang wika ng karamihan. So, ito ang mga dahilan. I drew inspiration sa mga nakikita kong nangunguna sa paggamit ng wikang Filipino. In a way, hindi ako leader, I'm just a follower. Alam ko naman, dahil sa posisyon ko bilang president, kahit hindi ako nakakapagsalita nang mabuti, malakas din ang posisyon ko, symbolically. Kaya sinabi ko, kung may dalawa o tatlong reporma lang akong gagawin dito, ito ang isa sa kanila. I was learning all around me and from my travels. Biro mo sa lehislatura ng Malaysia, Indonesia, Bahasa ang ginagamit. At sa Japan, hindi sila nagsasalita ng Ingles. Sa Tsina, of course not. Lahat ng bayang napuntahan ko. At saka dahil sa prestige ng UP education, sabi ko, gamitin natin ito. Pero marami akong naging kalaban, lalo na sa Congress: ang mga Bisaya na legislators, congressmen. Mayroong nagpunta sa akin sa UP, sinabi na puntahan mo iyong mga congressmen doon, galit sa iyo dahil sa ginawa mong pagsulong sa Filipino. I had to go to the Congress. Inisa-isa ko sila. Sabi ko, huwag tayong magagalit. Ito ay aksidente ng kasaysayan. Kung ang Cebu ang naging kapital ng ating bansa, Sebwano din ang magiging wikang pambansa. Kung dito nagsimula ang rebolusyon kontra sa mga Kastila, Bisaya din ang wika. Historical accident ito. Naniniwala talaga ako na kailangan nating isulong ang ating wikang pambansa. Ang ating palisi sa wika ay may dalawang bahagi. Ang una, ang pagsusulong sa Filipino bilang wikang pambansa. Ang ikalawa, ang promotion sa regional languages. Pero hindi magagawa iyan ng UP Diliman. Ang regional campuses lang. May binuo na Kadugong Bisaya. Kami rin nangunguna doon sa pagsulong ng Sebwano/Bisaya sa Visayas at Mindanao. Ginawa ko na rin ang ikalawang bahagi ng aking kampanya tungkol sa paggamit ng sariling wika. Sa Cebu, sa Iloilo. Sa Baguio, Ilokano naman. Noong naging member ako ng President's Task Force on Education sa panahon ni Gloria, doon ko isinulong ang paggamit ng mother-tongue language sa elementarya. Naaprobahan ito ng task force at ngayon mayroon nang mother language education so itinuloy ko rin ang aking kampanya sa pagsulong ng ating mga wika.

JP: Nabanggit po ninyong kayo ay Boholano talaga, hindi po ba naging isyu sa inyo na ang Filipino ay Tagalog lamang? Ano po ang pananaw ninyo sa wikang Filipino?

JVA: Boholano-Cebuano. Sa Cebu ako ipinanganak, sa Bohol ako lumaki. Ngayon, parang may reaksiyon ang ilang language leaders. Parang napansin nila na na-marginalize na rin ang wika nila. Maraming Sebwano ang nakaramdam na agrabyado sila. Bago maging wikang Filipino ang Tagalog, mas maraming katutubong nagsasalita ng Bisaya. Number 1 ang Bisaya. Number 2 lamang ang Tagalog. Dahil ginagamit sa elementarya sa eskuwela, sa midya (tv at radio), lalo na sa movies, laganap na ang Tagalog, nangangamba sila na baka malimutan ang sariling wika. Mawawala na. Naging defensive sila at naging agresibo sila na protektahan at isulong ang sariling wika nila. Kung saan ako pumupunta, talagang sinasabi ko, kailangan natin ang wikang pambansa. Anuman ang ating isip at sentimyento tungkol sa wika, tanggapin na natin na kailangan talaga natin ang wikang pambansa. At saka nakalamang na talaga ang Tagalog sa Filipino. Huwag na nating kontrahin ito. Ang gagawin natin ay isulong naman natin ang sariling wika natin kasama sa Filipino. Pero marami talagang nagsasabi na, "Hindi natin kailangan ang Tagalog." Sagot ko naman "Ano kailangan natin, Ingles? Hindi naman." Ang halimbawa ko palagi, ang mga Europeo. Sa Europe, mga bata pa lang, multilingual na sila. Dahil, kapag nag-travel ka sa Europe, 1-2 oras lang ibang bansa na. Ang tourism sa Europe, very extensive. So, naririnig nila ang ibang wika araw-araw. Saka ang mga bata, siyempre mas mabilis matuto kaysa sa matatanda. Natutuhan na nila ang ibang wika. Iyan ang susundin natin. Bata pa tayo, dapat matuto na tayo. Mabuti naman dahil sa massive overseas workers, naging global nation na tayo. Lalong multilingual na tayo. Biro mo may nagsasalita ng French, Italian. Lahat ng wika ginagamit na ng mga workers natin. So, tanggapin na natin itong katotohanan. Sikapin nating ang ating kabataan ay matuto. Saka ang layunin natin, hindi lamang reading and speaking literacy sa wika, written literacy/functional literacy talaga kasi kapag hindi ka nakakasulat sa sariling wika mo, hindi mo talaga alam ang wika mo.

JP: Sa pagtataguyod po ninyo ng wikang Filipino at maging ng mga rehiyonal na wika, saan naman natin ilulugar ang wikang Ingles?

JVA: Kailangang-kailangan natin ang Ingles kahit sa araw-araw nating buhay, sa gobyerno, sa unibersidad, sa international meetings/exchanges, sa publications. Nakalamang na nga tayo dahil alam na natin ang Ingles. So, huwag nating itapon ito. Malaking bentahe sa atin.

JP: Mayroon po kasi akong klase na tinanong ko ang mga estudyante ko. May isa akong estudyante na sabi ng teacher sa class niya na "The language of this course is English." Totoo ba na mayroong mga kurso na sa Ingles lang maaaring ituro?

JVA: Hindi. Karamihan ng mga publication, sa anumang larangan/pag-aaral ay nasa global lingua franca. Iyong mga Pranses, they are very unhappy kasi wala na sila. Noong araw kasi, Ingles at Pranses, ngayon Ingles na lang lahat. Maraming mga nationalities na gusto nilang matuto din ng Ingles kasi karamihan ng publications ay nasa Ingles. Karamihan ng mga scholars, ang global lingua franca nila ay Ingles, so nakakabentahe sila kung marunong sila ng Ingles. Iyong mga magulang ko, nag-aral sila ng Espanyol. Lahat sila sa pamilya nila. Pero sabi ng parents ko, "English is the language of the future." So, hindi sila nagsasalita ng Kastila sa bahay namin, samantala iyong mga first cousin ko lahat, Spanish speaking sila sa bahay nila. So hanggang ngayon Spanish speaking pa rin sila, kami hindi kami natuto. So ang aral nito, bata pa lang, dapat mag-aral na tayo ng iba't ibang wika:regional language, national language at dalawa o tatlong foreign languages.

JP: May mga kurso naman sa UP ngayon na sabi ng mga estudyante ko, ang mga guro ay nagtuturo sa Filipino. Pero iyong publications ay hindi naisusulong sa wikang Filipino. Ano pong masasabi ninyo sa nangyayari na nagtuturo naman po sila sa Filipino pero sa research, kulang pa rin doon sa discipline na iba katulad po sa Sciences, sa Engineering?

JVA: Siguro ang pagtuturo sa iba't ibang disiplina, bilingual din. At least English at Filipino. Kasi iyong mga architect at inhenyero, may mga trabahador sila na di naman marunong mag-Ingles so mabuti din na magagamit nila ang equivalent sa Tagalog. Mas mabisa ang supervision/direction nila. At saka kapag multilingual ka mas mabuti talaga. Kapag nag-Ingles ka lang palagi, mayroong mga taong hindi ka tanggap. Akala nila

nagmamalaki ka. Isang konsepto na dapat tanggapin din natin ang demokrasya at equality. Ang equality, democracy at effective communication, ito ay na-promote dahil sa paggamit ng iba't ibang wika. Kasi karamihan naman, hindi naman talaga nag-i-Ingles. Multicultural society tayo. Multilingual society. Isipin natin palagi iyan saan man tayo nagtatrabaho.

JP: Bukod po kasi sa akademya, naglingkod din kayo sa pamahalaan maging sa labas ng bansa, saan po pumapasok iyong halaga ng wika sa usapin ng pamamahala?

JVA: Tulad ng sinabi ko kanina, sa Malaysia, Indonesia, sa lehislatura nila, isang wika lang ang ginagamit, Bahasa Melayu at Bahasa Indonesia. Hindi na sila gumagamit ng Ingles. Sa Japan, hindi rin sila gumagamit ng Ingles. Sa Singapore nga, maliit lang sila, English-Mandarin, English-Indian, English-Malay. Maliit lang sila, karamihan edukado pero kusa nilang ginagamit at tinanggap ang lahat ng wika dahil multilingual, multiracial sila. Importante sa solidarity nila, sa national identity nila na multilingual sila. Conscious sila sa national identity nila at ang bisa nila bilang maliit na bansa, progresibong bansa.

JP: Sa gobyerno ngayon, nakikita n'yo po bang pinahahalagahan ng pamahalaan ang pambansang wika?

JVA: Oo. Nakikita mo naman. Si Presidente Aquino, kadalasan nagsasalita sa Filipino sa mga interview kahit sa SONA at nakikita n'yo sa impeachment. Kapag gusto talaga ng nagsasalita na maintindihan ng nakararami katulad ni CJ (Corona) nagsalita siya sa Filipino. Alam niya na mas maintindihan siya, mas mabisa ang komunikasyon sa Filipino. Pero tanggapin natin sa House of Representatives, kapag nagsalita ka in Filipino lamang, madami silang magsasalita na rin sa sarili nilang wika. Ang ibig sabihin nito, hanggang katanggap-tanggap na talaga ang Filipino at lahat ay marunong nang mabuti sa Filipino, may resistance pa rin sa lehislatura.

JP: May mga naisulat na rin kayo kaugnay ng nasyonalismo, sa paanong paraan kaya nagkakaugnay ang wikang Filipino at nasyonalismo? Mahalaga po ba ang wika sa pagsulong ng nasyonalismo?

JVA: Mahalaga pero sa kalagayan ko at 84 yrs old na ako ngayon, hindi ko na ma-master talaga ang Filipino. Ang katotohanan, I am most proficient in writing and speaking in English than in, even in Bisaya or Tagalog. Ito ang disadvantage ko. I've lived abroad for more than 18 years. If I have not lived abroad, if I had just stayed here, I might have learned Filipino better pero it's too late. Wala na akong magagawa. Lahat ng sinulat at pina-publish ko in English. Ang ilan man na nasulat sa pangalan ko, mayroon akong ghost writer, may tumulong sa akin. Sa katotohanan hindi talaga ako marunong sumulat sa wikang pambansa, doon ako nagkulang. Mas mabuti pang sa Ingles na lang ako magsulat.

JP: Ngayon sa national level, lalo na sa Department of Education, isinusulong na nila ang Mother Tongue Based Multilingual Education. Ano po ang pananaw ninyo sa pagsusulong na ito ng mga mother tongue? Naisasakatuparan na ang dati ninyong mithiin.

JVA: Oo, matagal. Halos mahigit na 20 years, nangyayari na at nagagalak ako. Kaya nabuo namin ang Kadugong Bisaya. Napansin ko rin na ang nagpapalaganap ng regional languages ay ang tabloid. Mas malakas kaysa sa broadsheet, at saka radyo, at TV. In other words, mass media. Kaya ikalulungkot ko ang pagkamatay ng Visayan movies. Isa sa mga layunin namin sa Kadugong Bisaya, ang paggawa ng Visayan movies. Ilan lang ang Bisaya. Pinakahuli ang *Panaghoy sa Suba*. Dahil tanggap na rin ang Tagalog, naintindihan na, kahit saan ka mag-interview sumasagot na sila in Tagalog. Sabi ko, masyadong magastos ang mag-produce ng Visayan movies. Ano na lang dubbing na lang. I-dub na lang yung movies in Bisaya, or Ilokano. Isa pang project ko, wala pang tumatanggap nito, dapat magkaroon tayo ng isang powerful TV station na gumagamit ng iba't ibang wika. Or every region like Cebu, Davao, Laoag, Naga, magkaroon ng isang istasyon using regional language but heard all over the country. Ang gusto ko buong Pilipinas, I want to watch Visayan TV station here in Manila para mahasa ang language saka ang identity. A sense of multilingual/multi-cultural identity can be promoted. Kaya malakas ang projection ng Filipino dahil sa TV, movies, at radio. At saka ang mga Cebuano TV stations, di mo makikita dito. At saka ang mga Ilokano, hindi mo makikita dito. Para sa akin, dapat sa Cebu may istasyon doon na maririnig/makikita sa buong Pilipinas.

JP: Sa paglaganap ng teknolohiya, saan po natin mailulugar ang wikang Filipino at ang regional languages sa Pilipinas? Mayroon pa bang space sa sarili nating wika, o talagang pag sinabi mo na Internet at globalization ay English na lang?

JVA: Talagang kapag naniniwala ka na dapat gamitin ang social media sa pagpapalaganap ng regional languages, gamitin mo. Ginagamit na natin sa musika. Madalas akong mag-access ng Visayan songs sa Internet. Ang dami-dami. Naroon lahat ng popular singers. At saka makikita mong umawit sina Pilita Corales. Naroon lahat sa internet.

JP: Saan ninyo po nakikita patungo ang ating wika? May mga nakikita pa ba kayong hamon para sa wikang Filipino na dapat gawin para mapalaganap?

JVA: Para sa akin, kulang pa ang Filipino sa pagtanggap ng mga konsepto na nanggagaling sa iba't ibang wika. Sinasabi ko palagi, ang Ingles naging napakabisang lingua franca dahil open sila. Tanggap lang nang tanggap. Dapat matuto tayo kung paanong ang Ingles naging popular sa buong mundo. So, dapat ganoon din ang Filipino, bukas at tumatanggap. Kusang gagawin iyan. Dapat deliberate ang paggamit at paghiram sa iba't ibang wikang Filipino.

JP: Ang isang organisasyon po, Filipinas Institute of Translation ay mayroong ginagawang annual na seminar para sa layuning magdagdag ng word na mga komun at inadap na ng mga tao, idinadagdag sa corpus ng Filipino.

JVA: Oo. Ganyan ang direksiyon na gusto kong makita. Ang wika naman talaga, mayroong wikang pansalita, wikang pansulat, pampublikasyon/pang-professional journal. Pero ang ordinaryong wika na ginagamit sa pagsasalita, dapat conscious ang borrowing at adaptation sa ibang wika. Igalang din natin ang iba't ibang wika. Makikita nila na nariyan at tanggap na sa Filipino ang iba't ibang wika. Mas lalo nilang tatanggapin ang Filipino. Sasabihin nila na marami na ring Bisaya sa Filipino. So English ang pinakamodel ko para sa pagpalaganap at sa Filipino—borrowing and adaptation.

JP: Paano po natin gagawin itong borrowing at adaptation?

JVA: Importante ang leaders natin at media. Importante ang leader for example si PNoy mahilig siya mag-Filipino, at kusa niyang ginagamit ang wika. Iyan ang projection niyan.

Iyon ang gusto kong mangyari sa pagpapalaganap ng Filipino—borrowing/adaptation at simplification. At kahit words na foreign. Sa Bisaya, mahilig tayo mag-Espanyol. Example, ang siyudad, city. Hindi lang iba't ibang wikang Filipino, pati foreign din. Sa pagbibilang, uno, dos, tres. Gamitin na natin iyon sa Filipino. Huwag na tayong maging purist sa Filipino. Maging bukas tayo. Total, we can differentiate between literary Filipino at spoken Filipino. Puwede tayong maging purist sa pagsulat pero kahit doon dapat maipasok na rin natin ang mga iyon. Ang Ingles, every year nagdadagdag; ganoon dapat. Kung ang wika sa sentro may gawing ganoon at magbilang din sila ng mga word na tanggap na at ginagamit na, magiging katanggap-tanggap ang Filipino. Dapat deliberate. Pati English words, sa spoken Filipino maidagdag din.